

**PAUNAWA SA MGA MANGHAHALAL NG PAGSASARA
NG PAGPAPAREHISTRO PARA SA
MUNISIPAL NA PANGKALAHATANG HALALAN
NA GAGANAPIN SA MARTES, IKA-15 NG HUNYO, 2021
SA BOULDER CITY, NEVADA**

ANG PAUNAWA'NG ITO AY NAGBIBIGAY NANG KAALAMAN para sa pagpaparehistro ng mga karapat-dapat na manghahalal para sa Munisipal na Pangkalahatang Halalan na gaganapin sa ika-15 ng Hunyo, 2021.

Ang kahit na sino'ng karapat-dapat na manghahalal na ang pangalan ay hindi nakikita sa opisyal na talaan ay maaari'ng magparehistro sa pamamagitan nang koreo o online sa paraa'ng naaprubahan ng batas ayon sa mga talaan ng huling araw sa ibaba.

Ang mga huling araw ng pagsasapanahon ng iyong umiiral na pagpaparehistro ng botante sa pamamagitan nang koreo o online na napapanahon para sa ika-15 ng Hunyo, 2021, Munisipal na Pangkalahatang Halalan at tumatanggap pa rin ng isang pangkaraniwang koreong balota ay sa ibaba. Pagkatapos ng mga nakalipas na petsa, ang mga botante na nagnanais na gumawa ng mga pagbabago sa kanilang mga impormasyong sa pagpaparehistro ay kailangan gawin ito sa pamamagitan ng paraan nang magkaparehong araw ng pagsasapanahon, alinman sa online o nang personal, at sila ay maaari lamang bumoto ng isang pansamatalang balota nang personal sa kahit saan man lugar ng maagang pagboto o sa Araw ng Halalan sa kahit saan man Sentro ng Pagboto.

2021 MUNISIPAL NA PANGKALAHATANG HALALAN MGA HULING ARAW AT ORAS NANG PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE		
Pamamaraan ng Pagpaparehistro	Huling Araw	Oras
<p style="text-align: center;">Nang personal: Tanggapan ng Kawani ng Lungsod 401 California Avenue Boulder City NV 89005</p> <p>Ipadala sa pamamagitan ng Koreo o pagpapadala nang personal ng iyong pagpaparehistro ng botante na aplikasyon sa: Lalawigan ng Clark Sentro ng Halalan 965 Trade Drive, Suite A North Las Vegas NV 89030</p>	Ika-18 ng Mayo, 2021	<p style="text-align: center;">Tanggapan ng Kawani ng Lungsod Lunes hanggang Huwebes 7:00 n.u. hanggang 6:00 n.g.</p> <p style="text-align: center;">Lalawigan ng Clark Sentro ng Halalan Lunes hanggang Huwebes 7:30 n.u. hanggang 5:30 n.h.</p>
<p style="text-align: center;">Online lamang www.registertovotenv.gov</p>	Miyerkules, ika-19 ng Mayo hanggang Martes, ika-1 ng Hunyo 24 oras hanggang 11:59 n.g. sa ika-1 ng Hunyo	

Ang Nevada at batas na pederal ay inaatasan ang mga unang beses na nagpaparehistro na magbigay ng isang pagkilala na numero (Nevada lisensya sa pagmamaneho o ang huling apat na numero ng kanilang social security na numero). Kung ang mga ito ay hindi nagtugma sa talaan na pinapanatili ng Kagawaran ng Sasakyan o Social Security Administration, ang nagpaparehistro ay kinakailangang magpakita ng pagkakakilanlan bago bigyan ng pahintulot na bumoto. Mga uri ng kasalukuyan at makatwira'ng pagkakakilanlan kabilang ang Nevada Lisensya sa Pagmamaneho, Nevada Pagkakakilanlan na Kard, Pagkakakilanlan na Kard ng Militar, O isang kopya ng kasalukuya'ng pahayag ng kagamitan, pahayag ng bangko, tseke para sa sweldo, o kasulatan na ibinigay ng isang sangay ng pamahalaan, na nakatala ang pangalan ng nagparehistro, at direksiyon ng tirahan.

PAGSASAPANAHON NG IYONG UMIIRAL NA PAGPAPAREHISTRO

Pagsasapanahon sa Pamamagitan nang Online: Kung hindi mo magawa'ng magparehistro o magsapanahon ng iyong umiiral na pagpaparehistro ng botante sa pamamagitan ng koreo sa ika-18 ng Mayo, 2021, ikaw ay maaari'ng magsapanahon o magparehistro sa website ng Kalihim ng Estado sa www.registertovotenv.gov hanggang ika-1 ng Hunyo, 2021 (Martes).

- **Ika-19 ng Mayo hanggang Ika-1 ng Hunyo:** Kung ikaw ay magpaparehistro o isasapanahon ang iyong pagpaparehistro online sa pagitan ng ika-19 ng Mayo (Miyerkules) at ika-1 ng Hunyo (Martes), ikaw ay makakatanggap ng isang pangkaraniwang koreong balota
- **Ika-2 ng Hunyo hanggang Ika-10 ng Hunyo:** Kung ikaw ay magpaparehistro o isasapanahon ang iyong pagpaparehistro online sa pagitan ng ika-2 ng Hunyo (Miyerkules) at ika-10 ng Hunyo (Huwebes), ikaw ay maaari lamang bumoto ng isang *pansamantalang balota* nang personal sa kahit saa'ng sentro ng maagang pagboto o Araw ng Halalan sentro ng pagboto. Ang mga bagong nagparehistro ay kailangan magpakita ng kasalukuyan at makatwira'ng Nevada DMV na Pagkakakilanlan sa lugar ng pagboto.
- **Ika-3 ng Hunyo hanggang Ika-11 ng Hunyo, at Ika-15 ng Hunyo, 2021:** Ikaw ay maaari'ng magparehistro upang bumoto o isapanahon ang iyong umiiral na pagpaparehistro ***nang personal*** sa kahit saan'ng sentro ng pagboto o Araw ng Halalan sentro ng pagboto, nguni't para sa kasalukuya'ng halalan ikaw ay maaari lamang bumoto ng isang *pansamantalang balota*. Ang mga bagong nagparehistro ay kailangan magpakita ng kasalukuyan at makatwira'ng Nevada DMV na Pagkakakilanlan sa lugar ng pagboto.

Ang isang pansamantalang balota ay mayroo'ng lahat ng mga labanan at kandidato na makikita sa isang pangkaraniwang balota. Ito ay mag-iiba mula sa isang pangkaraniwang balota na mabibilang lamang pagkatapos ng pagpapatunay na: (a) Ikaw ay karapat-dapat na bumoto ng balota sa kasalukuyang halalan, (b) Ikaw ay hindi bumoto ng higit pa sa isa'ng balota sa magkapareho'ng halalan, (c) Ikaw ay nagpakita ng katanggap-tanggap na pagkakakilanlan nuong ikaw ay bumoto; at (d) KUNG kinakailangan, ikaw ay nagbigay ng katanggap-tanggap na pagpapatunay ng paninirahan.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Tanggapan ng Kawani ng Lungsod sa (702) 293-9208.

PINETSAHAN: Ika-15 ng Abril, 2021
Tami McKay, MMC, CPO
Pansamantalang Kawani ng Lungsod ng Boulder City

PUB: Ika-23, 30, Ika-7, 14 ng Mayo
Asian Journal